# Patakaran laban sa Rasismo

Mga mahal na magulang at taga-alaga

Ang Department of Education ay tumatanggi sa lahat ng mga uri ng rasismo at nakatuon sa pagwawakas ng lahat ng mga uri ng diskriminasyon sa lahi sa mga pampublikong paaralan ng NSW. Ang Anti-Racism Policy (Patakaran laban sa Rasismo) ng Departamento ay naglalayong titiyakin na walang estudyante, empleyado, magulang, taga-alaga o miyembro ng komunidad ang nakakaranas ng rasismo sa kapaligiran ng paaralan.

Ang patakaran ay humihingi ng tulong sa lahat ng mga miyembro ng komunidad sa paaralan na labanan ang rasismo sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagrespeto sa mga pinagmulang kultura, wika at relihiyon ng mga ibang tao at mag-uugali sa mga paraang nagtataguyod ng patanggap at pagkakaisa sa kapaligiran ng paaralan.

Bawat paaralan ay may Malalapitang Opisyal Laban sa Rasismo (Anti-Racism Contact Officer (ARCO)) na sinanay sa pagtulong sa paglalaban sa rasismo at pagsusuporta sa komunidad sa paaralan kung may mga reklamo tungkol sa rasismo sa mga paaralan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa patakaran at ang papel na ginagampanan ng ARCO tingnan ang Anti-Racism Policy - Information for parents and carers (Patakaran laban sa Rasismo - Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga).

Maraming salamat sa pagtulong niyo sa amin na mapanatili ang positibong kapaligiran ng paaralan kung saan itinatanggi ang lahat ng mga uri ng rasismo. Mangyaring tawagan ako kung ikaw o ang iyong anak ay nakaranas ng anumang uri ng rasismo, nasaksihan ang sinuman na nakakaranas ng rasismo sa ating paaralan, o kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon o suporta.

Sumasainyo

Prinsipal

## Tulong ng taga-interpreter

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon at kung kailangan mo ng interpreter upang makatulong sa pagtawag sa paaralan o ang Prinsipal, mangyaring tawagan ang Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng interpreter sa iyong wika.

Sabihin sa opereytor ang telepono ng paaralan at ang opereytor ang tatawag sa paaralan at kukuha ng taga-interpreter sa linya ng telepono upang makatulong sa iyong pakikipag-usap.

Hindi ka sisingilin na magbayad sa mga serbisyo ng pag-iinterprete.